

Alamin ang Iyong mga Karapatan: Iniaatas ni Trump na Pagpaparehistro ng mga Imigrante

Noong Pebrero 25, 2025, ipinahayag ng administrasyon ni Trump na aatasan nito ang ilang hindi dokumentadong imigrante na magparehistro sa Department of Homeland Security (Kagawaran ng Seguridad ng Sarling Bayan, DHS). Noong Marso 7, ibinahagi nito ang isang bagong tuntunin na nagpapaliwanag kung paano gagana ang sistema. Magsisimula ang bagong tuntuning ito sa Abril 11. Ang pahayag ay naglitaw ng maraming inaalala lalo na dahil ang katulad na mga proseso ng pagpaparehistro ay nagamit na dati upang punteryahin ang mga grupong madaling maapektuhan.

Ang pagpaparehistro ay maaaring maging masyadong mapanganib para sa hindi dokumentadong mga imigrante. Ito ay maaaring humantong sa detensiyon, deportasyon, at posibleng pag-uusig na pangkrimen. Malinaw na nagsabi ang mga opisyal ng pamahalaan na plano nilang gamitin ang impormasyon na nakukuha nila sa pagpaparehistro upang maghanap at umaresto ng mga tao, magpatapon sa mga ito, o puwersahin ang mga ito na kusang umalis sa United States.

Ang dokumentong ito ay nagbibigay ng impormasyon sa mga miyembro ng komunidad tungkol sa proseso ng pagpaparehistro. Ito ay hindi isang payong pambatas, at hinihimok namin ang hindi dokumentadong mga miyembro ng komunidad na sumangguni sa isang pinagkakatiwalaang abogado sa imigrasyon upang maunawaan ang mga panganib sa kanila ng pagpaparehistro.

Ano ang pagpaparehistro ng hindi mamamayan?

Ginagamit ng administrasyon ni Trump ang isang batas sa panahon ng Ika-2 Digmaang Pandaigdig upang subukang itulak ang mga imigranteng pamilya na magbigay ng personal na impormasyon, kabilang ang kanilang mga tirahan, sa mga opisyal ng imigrasyon. Ang prosesong ito ay tinatawag na pagpaparehistro. Ang Department of Homeland Security (DHS) ay nagsabi na [ang hangarin](#) ng pagpaparehistro ay upang mahanap at ipatapon ang hindi dokumentadong mga imigrante na nagparehistro, o puwersahin ang mga ito na kusang iwan ang U.S. Ang DHS ay [nagbanta](#) rin na ang mga taong hindi magpaparehistro ay maaaring humarap sa mga kasong pangkrimen at nagmungkahi na ang mga pamilya ay kusang umalis ng United States upang iwasan ang deportasyon o pag-uusig.

Sino ang sinasabihan ng pamahalaan na magparehistro ng kanilang impormasyon?

Ang bagong tuntunin ng pamahalaan ay nagsasabi na ang mga nasa hustong gulang at bata na higit sa 14 na taong gulang na pumasok sa U.S. nang walang permiso at hindi nagkaroon ng kontak sa mga awtoridad ng imigrasyon ay dapat magparehistro. Kung ikaw ay nakapag-aplay para sa katayuan o benepisyo na pang-imigrasyon o sumailalim sa mga pamamaraan ng

deportasyon, ikaw ay maaaring itinuturing na nagparehistro na – tingnan ang karagdagang impormasyon sa ibaba. Ang pamahalaan ay nagsasabi rin sa mga magulang o legal guardian ng mga batang wala pang 14 taong gulang na pumasok nang walang permiso at hindi nagkaroon ng kontak sa mga awtoridad ng imigrasyon na iparehistro ang kanilang mga anak. Panghuli, sinasabi ng pamahalaan sa lahat ng hindi mamamayan na sinasabi nitong inaatasang magparehistro na sabihin sa pamahalaan sa loob ng sampung araw ang anumang pagbabago ng tirahan.

Sino ang itinuturing na nagparehistro na?

Itinuturing ng pamahalaan ang maraming grupo ng tao, kabilang ang ilang taong walang legal na katayuan, na nagparehistro na sa pamahalaan. Alinsunod sa bagong tuntunin na inilathala ng pamahalaan, ang mga sumusunod na grupo ay itinuturing na nagparehistro na bagaman pinakamabuting makipag-usap sa isang makaranasang abogado sa imigrasyon upang maunawaan ang iyong ispesipikong katagayan.

- ▶ Mga humahawak ng green card (mga legal na permanenteng residente)
- ▶ Mga taong ginawaran ng parol, kabilang ang maagang parol (kahit napaso na ang parol na iyon)
- ▶ Mga taong pumasok sa U.S. sa isang visa na hindi pang-imigrante o pang-imigrante (kahit na ito sy napaso na)
- ▶ Mga taong nanggaling na sa mga pamamaraan ng korte ng imigrasyon (pagpapaalis)
- ▶ Mga taong ginawaran ng awtorisasyon na magtrabaho sa anumang batayan (kahit na ito ay napaso na)
- ▶ Mga Refugee
- ▶ Mga taong nag-aplay para sa legal na permanenteng paninirahan (kahit na tinanggihan ang aplikasyon)
- ▶ Mga taong may kard ng pagtawid sa hangganan o pumasok sa U.S. bilang “crewman”

Ang pamahalaan ba ay nagtatagubilin na magparehistro ang mga taong may Deferred Action for Childhood Arrivals (Inantalang Aksyon sa mga Batang Dumating, DACA), Temporary Protected Status (Pansamantalang Protektadong Katayuan, TPS), o mga taong nag-aaplay para sa asylum?

Kung ang isang tumanggap ng DACA, isang tumanggap ng TPS, o isang taong humihingi o ginawaran ng asylum ay nag-aplay para sa o tumanggap ng Dokumentong Awtorisasyon sa Pagtatrabaho (kahit na ito ay napaso na) sila ay itinuturing na nagparehistro na sa ilalim ng patakarang ito. Hindi itinuturing ng pamahalaan ang isang aplikasyon para sa DACA, TPS, o asylum, o isang gawad ng DACA, TPS, o asylum na nakakatugon sa iniaatas na pagpaparehistro. Gayunman, ang tuntunin ay malinaw na naglilista sa isang Dokumentong Awtorisasyon sa Pagtatrabaho bilang isang dokumento na nagpapakita ng ebidensiya ng pagpaparehistro. Ang mga taong may DACA o TPS na hindi pa nagawaran ng Dokumentong Awtorisasyon sa Pagtatrabaho pero nagawaran na ng maagang parol ay maaari ring ituring na nagparehistro na.

Ang Tuntunin ay nagtatagubilin sa mga taong nag-aplay para sa at o tumanggap ng DACA, TPS, o asylum *pero hindi tumanggap ng Dokumentong Awtorisasyon sa Pagtatrabaho* na kumpletuhin ang bagong proseso ng pagpaparehistro.

Ano ang aktuwal na proseso ng pagpaparehistro?

Itong bagong tuntunin sa pagpaparehistro ay nagpapaliwanag kung paano gagana ang proseso ng pagpaparehistro para sa mga taong nagpasyang magparehistro. Ang unang hakbang ay lumikha ng isang [online account](#) sa U.S. Citizenship and Immigration Services (Mga Serbisyo sa Pagkamamamayan at Imigrasyon, USCIS). Ang ikalawang hakbang ay kumpletuhin at isumite ang isang bagong form sa pamamagitan ng account na ito na tinatawag na Form G-325R, na humihingi ng personal na impormasyon (mas maraming detalye tungkol dito sa ibaba). Pagkatapos isumite ang form, ang USCIS ay magpapadala sa tao ng isang paunawa ng appointment upang makunan ng fingerprint sa isang sentro ng serbisyo ng USCIS. Sa appointment, ang mga opisyal ay kokolekta ng mga fingerprint, litrato, at pirma. Kasunod nito ay gagawa ang pamahalaan ng mga pagsusuri ng pinagdaanan, kabilang ang pagtingin sa kasaysayan na pangkrimen. Sa sandaling matapos ito, lilikha ang pamahalaan ng isang dokumentong “Katunayan ng Pagpaparehistro ng Dayuhan,” na makukuha pagkaraan sa online account sa USCIS ng tao.

Ano ang proseso para sa mga bata?

Ang tuntunin ay nagtatagubilin sa mga kabataan na 14 na taong gulang o mas matanda na kumpletuhin ang kaparehong proseso ng pagpaparehistro gaya ng inilarawan sa itaas para sa mga nasa hustong gulang. Para sa mga batang malapit na sa edad na 14, ang Tuntunin ay nagsasabi na ang mga nakatugon sa mga iniaatas na pagpaparehistro ay dapat magsumite ng kanilang sariling form ng pagpaparehistro at magpakuha ng fingerprint sa loob ng 30 araw pagkaraan ng kanilang ika-14 na kaarawan. Para sa mga batang wala pa sa edad na 14 na nakakatugon sa mga iniaatas na pagpaparehistro, ang Tuntunin ay nagtatagubilin sa kanilang (mga) magulang o (mga) legal guardian na magparehistro para sa kanila, kabilang ang sa pamamagitan ng paglikha ng online account sa USCIS para sa kanila. Para sa mga batang wala pa sa edad na 14, walang iniaatas na pagbibigay ng fingerprint at ang dokumentong “Katunayan ng Papaparehistro ng Dayuhan” ay makukuha sa account sa USCIS ng bata pagkatapos isumite ang G-325R.

May huling araw ba para sa pagsunod sa pagpaparehistro?

Ang bagong tuntunin ay hindi nagbibigay ng ispesipikong huling araw para sa pagpaparehistro. Gayunman, ito ay nagsasabi na ang mga batang tinagubilinan na magparehistro ay dapat sumunod at magbigay ng fingerprint sa loob ng 30 araw pagkaraan ng kanilang ika-14 na kaarawan. Ang tuntunin ay nagsasabi rin na ang mga taong tinagubilinan na magparehistro ay dapat ding mag-ulat sa pamahalaan ng mga pagbabago ng tirahan sa loob ng 10 araw pagkaraang baguhin ang kanilang tirahan.

Anong impormasyon ang pumupunta sa pagpaparehistro?

Ang pagpaparehistro ay nangangahulugang pagpuno at pagsumite sa pamamagitan ng online USCIS account ng bagong G325-R. Ang Form na ito ay humihingi ng detalyadong personal na impormasyon tungkol sa taong nagkukumpleto ng form at sa kanilang pamilya, kabilang ang:

- ▶ Pangalan
- ▶ Address sa pagpapakoreo at pisikal na tirahan at kasaysayan ng paninirahan sa U.S. para sa nakalipas na limang taon
- ▶ Petsa ng kapanganakan at bansa kung saan ipinanganak
- ▶ Bansa kung saan mamamayan o nasyonalidad
- ▶ Kasaysayan ng imigrasyon, kabilang ang petsa ng pagdating sa U.S.
- ▶ “Mga Aktibidad” na ginawa ng tao sa U.S. at mga aktibidad na plano nilang gawin sa hinaharap, at gaano katagal ang inaasahang pamamahalagi ng tao sa U.S.
- ▶ Impormasyon na biyograpiko kabilang ang kasarian, etnisidad, lahi, taas, timbang, at kulay ng mata at buhok
- ▶ Detalyadong kasaysayan ng pag-aresto at napatunayang krimen
- ▶ Detalyadong biyograpikong impormasyon na nauukol sa asawa, ama, at ina ng tao, kabilang ang pangalan, petsa ng kapanganakan, at bansa kung saan ipinanganak

Mayroon bang fee para sa bagong form G-325R?

Walang fee sa kasalukuyan para sa proseso ng pagpaparehistro. Ang pamahalaan ay nagsasabi sa bagong tuntunin na isinasaalang-alang nito ang pagsingil sa hinaharap ng \$30 fee para sa proseso ng pagkuha ng fingerprint pero hindi pa ito nagagawa.

Ano ang mangyayari kung iparehistro ko ang aking impormasyon?

Ang mangyayari ay depende sa iyong indibidwal na kalagayan. Ang pareho ng pagsunod sa pagpaparehistro at kabiguang sumunod ay maaaring magkaroon ng negatibo, panghabambuhay na mga kahihinatnan. Ang Kalihim ng Department of Homeland Security ay nagpahayag sa publiko na ang hangarin ng proseso ng pagpaparehistro ay upang puwersahin ang mga tao na iwan ang United States.

Kung ikaw ay hindi dokumentado at hindi pa nagkaroon ng kontak sa mga awtoridad sa imigrasyon, ang pagpaparehistro ay maaaring magkaroon ng mga kahihinatnang pang-imigrasyon at pangkrimen.

- ▶ *Mga kahihinatnang pang-imigrasyon:* Ang pamahalaan ay maaaring – at nagpahayag na malamang na gagawin nito na – magsikap na arestuhin at ipatapon ka gamit ang impormasyon na ibinigay mo nang magparehistro ka. Depende sa iyong indibidwal na kalagayan, ang Immigration and Customs Enforcement (Pagpapatupad ng Imigrasyon at Adwana, ICE) ay maaaring magpadala sa iyo ng isang liham na nagsasabi sa iyo na mag-

ulat sa isang opisina ng ICE. Kapag nag-ulat ka, maaaring detenihin ka ng ICE o ilagay ka sa mga pamamaraan ng deportasyon. Kung hindi mo maipakita na ikaw ay nasa U.S. nang mas matagal kaysa dalawang taon, maaari kang ilagay ng ICE sa isang “pinabilis na pagpapaalis,” isang madaliang proseso ng deportasyon na nagpapahintulot sa ICE na ipatapon ang mga tao nang mabilis nang walang pagkakataong pumunta sa harap ng isang hukom.

- ▶ *Mga kahihinatnang pangkrimen:* Ang iyong paglabas upang magparehistro ay maaari ring gawin na madali kang makasuhan ng pamahalaan ng mga pagkakasalang kaugnay ng migrasyon. Kung ikaw ay nasa U.S. para sa wala pang limang taon at pumasok nang walang inspeksyon, ikaw ay maaaring makasuhan ng pederal na krimen na ilegal na pagpasok. Kung ikaw ay ipinatapon na mula sa U.S. at saka bumalik sa pamamagitan ng pagtawid ng hangganan nang walang awtorisasyon, maaari kang kasuhan ng pamahalaan ng pederal na krimen na ilegal na muling pagpasok.

Ano ang mangyayari kung ako ay hindi magparehistro ng aking impormasyon?

Ang pamahalaan ay nagbanta rin ng mga kahihinatnan para sa mga taong tinagubilinan na magparehistro pero hindi ginawa ito, kabilang ang mga parusang pangkrimen at pang-imigrasyon.

- ▶ *Mga kahihinatnang pangkrimen:* Ang pamahalaan ay nagbanta na magdala ng mga kasong krimen laban sa mga taong tinagubilinan na magparehistro pero hindi ginawa ito, at ang administrasyon ni Trump ay nagsabi sa mga pederal na tagausig na gawing prayoridad ang mga kasong ito. Ito ay maaaring mangahulugan na anumang kontak sa tagapagpatupad ng batas, kabilang ang ICE o lokal na pulisya, ay maaaring humantong sa mga kasong pangkrimen para sa kabiguang magparehistro bilang karagdagan sa detensiyon at posibleng deportasyon. Sa partikular, ang pamahalaan ay nagbabantang usigin ang mga tao sa ilang magkakaibang kaso na kaugnay ng iniaatas na pagpaparehistro, lahat ay pederal na pagkakasalang misdemeanor:

1. kabiguang magparehistro, na maaaring parusahan ng multang hanggang \$5,000 o hanggang anim na buwang pagkabilanggo;
2. kabiguang magdala ng katunayan ng pagpaparehistro, na maaaring parusahan ng multang hanggang \$5,000 o hanggang 30 araw na pagkabilanggo; at
3. kabiguang bigyan ng paunawa ang pamahalaan sa loob ng 10 araw pagkaraan ng pagbabago ng tirahan, na maaaring parusahan ng multang hanggang \$200 o hanggang 30 araw na pagkabilanggo.

Mayroon ding nakahiwalay na dahilan para sa krimen at dahilan para sa deportasyon sa pagpaparehistro gamit ang mga hindi totoong pahayag.

- ▶ *Mga kahihinatnang pang-imigrasyon:* Karamihan ng mga benepisyong pang-imigrasyon o visa ay “ayon sa pagpapasya,” nangangahulugang maaaring gamitin ng pamahalaan ang nakaraang negatibong aksyon ng isang tao upang ipagkait sa kanila ang benepisyong pang-imigrasyon o visa. Kung hindi ka nagparehistro at sa bandang huli ay nag-aplay

para sa benepisyong pang-imigrasyon o visa, maaaring ipagkait ng pamahalaan ang benepisyo o visa na iyon dahil sa kabiguang magparehistro.

Kung ako ay nagparehistro na o magpaparehistro sa hinaharap, kailangan ko ba ng mga partikular na papel?

Oo. Ang kabiguang magdala ng isang dokumento ng pagpaparehistro ng isang hindi mamamayan ay isang pederal na krimeng misdemeanor. Ang pamahalaan ay nagbabantang usigin ang sinumang hindi mamamayan na pinatigil o inarestro at walang katunayan ng pagpaparehistro. Makakabuti sa mga taong may katunayan ng pagpaparehistro (tingnan sa ibaba) na magdala ng katunayang ito para sa dahilang ito. Bawat isang naninirahan sa U.S. ay mayroon pa ring mga basikong karapatan sa ilalim ng Konstitusyon ng U.S., kabilang ang hindi dokumentadong mga imigrante. May karapatan kang manatiling tahimik at maaaring tumangging makipag-usap sa mga opisyal ng imigrasyon. May karapatan kang makipag-usap sa isang abogado kung arestuhin. Basahin ang [dokumentong](#) ito para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan kung pinatigil ng imigrasyon.

Anu-anong mga dokumento ang ibinibilang na katunayan ng pagpaparehistro?

Ang bagong dokumentong “Katunayan ng Pagpaparehistro ng Dayuhan” ay ibibilang na katunayan na ang isang tao ay nakarehistro sa ilalim ng proseso. Maraming hindi mamamayan ng Estados Unidos ay mayroon nang dokumento na nagpapakita ng katunayan ng pagpaparehistro, gayunman. Kabilang sa tuntunin ang dalawang bahagyang magkaibang listahan ng “mga form ng pagpaparehistro” at mga form na “ebidensiya ng pagpaparehistro.” Malamang na ang parehong set ng mga dokumento ay ibibilang bilang katunayan ng pagpaparehistro.

- ▶ “Mga form ng pagpaparehistro” ay kinabibilangan ng:
 - I-94 Arrival-Departure Record (Rekord ng Pagdating-Pag-alis)
 - I-485 Application for Status as a Permanent Resident (Aplikasyon para sa Katayuan bilang isang Permanenteng Residente) at Form I-698 Application to Adjust Status from Temporary to Permanent Resident (Aplikasyon upang Iakma ang Katayuam mula Pansamantala patungo sa Permanenteng Residente)
 - I-590 Registration for Classification as a Refugee (Pagpaparehistro para sa Klasipikasyon bilang Refugee)
- ▶ “Ebidensiya ng pagpaparehistro” na nakalista sa mga regulasyon ay kinabibilangan ng:
 - I-94 Arrival-Departure Record (Rekord ng Pagdating-Pag-alis)
 - I-551 Permanent Resident Card (Kard ng Permanenteng Residente) (“Green Card”)
 - I-766 Employment Authorization Document (Dokumentong ng Awtorisasyon sa Pagtatrabaho, EAD)
 - I-862 Notice to Appear (Paunawa upang Humarap) at I-863 Notice of Referral to Immigration Judge (Paunawa ng Pagrekomenda sa Hukom ng Imigrasyon)

- I-185 Border Crossing Card (Kard ng Pagtawid sa Hangganan) at I-186 Border Crossing Card (Kard ng Pagtawid sa Hangganan) para sa mga mamamayan ng Canada at Mexico

Paano ginagamit sa nakaraan ang pagpaparehistro ng hindi mamamayan?

Ginagamit ng administrasyon ni Trump ang batas ng 1940, ang Alien Registration Act, na nag-aatas na lahat ng hindi mamamayan ng U.S. – hindi lamang ang mga walang awtorisadong katayuan sa imigrasyon – na magparehistro sa pederal na pamahalaan sa kanilang lokal na post office. Ang proseso ay nag-alok sa mga tao ng pagkakataong kumuha ng legal na katayuan sa United States pero nagbigay din ng pagkakataon sa pamahalaan upang detinehin ang libu-libong tao na lahing Hapon noong Ika-2 Digmaang Pandaigdig.

Ginamit din ng pamahalaan ng U.S. ang pagpaparehistro upang puntiryahin ang mga miyembro ng komunidad mula sa mga bansang ang mayorya ay Muslim pagkaraan ng ika-11 ng Setyembre, sa pamamagitan ng isang programang kilala bilang “National Security Entry-Exit Registration System” (Pambansang Sistema ng Pagpaparehistro para sa Seguridad sa Pagpasok-Paglabas, NSEERS). Pinunteryang mga lalaki at kabataan mula sa 24 bansang ang mayorya ay Muslim at North Korea para sa pagpaparehistro at pagtunton. Pinuwersa ng pamahalaan ang 83,000 tao upang magparehistro at ilagay ang 13,000 ng mga ito sa mga pamamaraan sa deportasyon, pinataas ang racial profiling at pinaghiwalay ang mga pamilya.

Dapat ba akong makipag-usap sa isang abogado?

Oo. Ang mga miyembro ng komunidad na may mga tanong tungkol sa pagpaparehistro at paano ito makakaapekto sa kanila ay dapat sumangguni sa pinagkakatiwalaang mga abogado sa imigrasyon at subaybayan ang mga pinagkukunan ng impormasyon. Ang isang abogado ay maaaring magpayo sa iyo tungkol sa mga karapatan at anumang posibleng mga panganib na pambatas.

Ang batas sa imigrasyon ay masyadong masalimuot. Halimbawa, ang batas sa imigrasyon ng U.S. ay nagsasabi na ang isang taong namalagi sa U.S. para sa higit sa isang taon sa katayuan na hindi dokumentado (“labag na pamamalagi”) ay pinagbabawalang muling pumasok sa U.S. para sa 10 taon. Ginagawa nitong kumplikado na unawain kung ang mga tao ay makakabalik pagkatapos na boluntaryong umalis, dahil ang administrasyon ay humihimok sa mga tao na gawin ito. Makipag-usap sa isang abogado upang maunawaan ang iyong mga karapatan at opsyon.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa kasaysayan at ebolusyon ng pagpaparehistro ng hindi mamamayan ay matatagpuan sa [FAQ ng NILC](#).